

Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Ang Magsasaka
at ang Binhi



Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: M. Maillot at Lazarus

Ibinagay nila: E. Frischbutter at Sarah S.

Isinalin ni: Christine Cornejo

Alastair Paterson

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children

www.M1914.org

©2020 Bible for Children, Inc.

Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring
makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring
ipagbili.



Isang araw, si
Hesus ay nasa
tabi ng lawa.

Madaming tao
ang lumapit sa
Kanya.



Ano kaya ang
gagawin ni Hesus?



Nakita ni Hesus ang isang
bangka, kaya Siya ay
umakyat at umupo
dito.



Ngayon ay maari na Siyang
makita at marinig ng
lahat ng tao.




Nagsimulang magkwento ng mga talinghaga si Hesus- kwento ng mga karaniwang


bagay na tungkol sa Diyos.



"Ang isang magsasaka ay nagkalat ng binhi sa kanyang bukid."



Ang kwento ni Hesus ay
tulad ng isang larawan na may
mga salita sa halip na mga guhit.



Nalalarawan ng mga tao ang
magsasaka na nag-aani. Nakakita
na sila ng ganito ng
maraming
beses.




Ang ilan sa mga
binhi ay nalaglag
sa tabi ng daan.





Woosh! Mabilis
na tinuka ng mga ibon
ang mga binhi.



May mga binhi namang
nalaglag sa mabatong lupa.



Sumibol agad ang mga binhi,
ngunit natuyo agad ang mga ito ng
mabilad sa matinding init
ng araw. Ito ay
dahil manipis
ang lupa roon.




May mga binhi
namang nalaglag
sa may matitinik
na halaman.



Hindi sumibol
ang mga binhi dahil
naharangan ng
mga tinik ang
kinakailangang
sikat ng araw at
tubig ng ulan.



Ang natirang mga
binhi ay nahulog sa
mabuting lupa.




Makalipas ang panahon,
sila ay namunga at nagdala
ng maraming ani.


Ang magsasaka ay
naging masaya.




Sa katapusan ng kuwento, ang mga alagad ay lumapit kay Jesus.



“Bakit ka nagtuturo sa pamamagitan ng mga talinghaga?” tinanong nila.



Sinabi ni Jesus na sa pamamagitan
ng talinghaga, ...



... mauunawaan ng tao ang tungkol sa Diyos kung sila ay nagmamahal sa Diyos.



Ang mga taong hindi nagmamahal sa Diyos ay hindi mauunawaan ang mga talinghaga.



Ipinaliwanag ni Hesus
ang talinghaga. Ang binhi

ay ang
Salita

ng
Diyos.



Ang binhi sa tabi ng daan
ay katulad ng taong narinig

ang Salita
ng Diyos

ngunit
hindi
niya ito
nauunawaan.




Inaalis ng kaaway
ang mensaheng kanyang


napakinggan.




Ang ilang tao naman ay mabilis tumanggap sa Salita ng Diyos. Sila ay tulad ng mga binhi sa mabatong lupa.



Ngunit sa sandaling may
dumating na pagsubok
dahil sa pagmamahal
nila sa Diyos, ...



... sila ay tatalikod sa pananampalataya.



Ang mga taong ito na nagsimula
ng may kaligayahan sa pagsunod
kay Hesus ay lulubay sa
pagsunod sa Salita ng Diyos.



Hindi nila nais ang kabayaran
sa pagsunod sa Kanya.



Nakakalungkot na mas gusto
pa nilang bigyang-lugod
ang kanilang mga kaibigan
kaysa sa Diyos.



Ang mga tinik
sa talinghaga

ay tulad ng
makamundong
alalahanin at
pag-ibig sa salapi
na pumupuno
sa buhay ng
ibang tao.



Sila ay
balisa sa
pagkakaroon
ng maraming
kayamanan,
kaya't
nakakalimot
sa Diyos.



Ngunit ang binhi na nahulog sa mabuting lupa at nagbigay ng isang magandang ani ay ang mga taong dumirinig at umuunawang mabuti sa Salita ng Diyos.



Ito ang mga taong nagkakaroon
ng bagong buhay at naglilingkod
at gumagalang sa Diyos.



Hindi nais umalis ng mga tao.
Maraming may nais na sundin at
paglingkuran ang Diyos.



Ang mga talinghaga ni Hesus ay nakatulong sa mga tao upang maunawaan ang pagsunod sa Diyos.



Ang Magsasaka at ang Binhi

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mateo 13

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130





Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.



Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa
Diyos araw-araw! Juan 3:16

